




Lead at Inyong Inuming Tubig

- Mga Nakaplanong Pagpapahusay sa Mga Linya ng Serbisyo ng Tubig

NAGSASAGAWA KAMI NG MGA UPGRADE SA SISTEMA

Bago ang 1950, karaniwang gumagamit ang mga water utility sa bansa ng mga linya ng serbisyo at component na gawa sa lead para ikonekta ang mga pangunahing linya ng tubig sa mga linya ng serbisyo para sa mga bahay.

Noong 1980s, inalis ng SFPUC ang lahat ng natukoy na linya ng serbisyo ng utility na gawa sa lead (humigit-kumulang 7,000 linya) at hindi nito inaasahang may makikita pang mga karagdagang linya ng serbisyo na gawa sa lead sa sistema ng tubig. Kung may makikita man, agad na aalisin ang mga ito. Gayunpaman, may mga galvanized na linya ng serbisyo ng utility na gumagamit ng mga flexible na component na gawa sa lead para kumonekta sa pangunahing linya ng tubig. Ang mga flexible na component na ito na gawa sa lead, na karaniwang tinatawag na mga gooseneck, pigtail, o whip, ay humigit-kumulang 3 talampakan ang haba at maaaring magdulot ng mabababang antas ng lead sa inuming tubig (tingnan ang diagram). Sa ilalim ng Senate Bill 1398 at Senate Bill 427, iniatas ng Estado ng California sa mga utility na mag-imbentaryo at pagkatapos ay alisin ang mga component na ito na gawa sa lead. Pinaplano rin ng SFPUC na alisin ang lahat ng galvanized na linya ng serbisyo ng utility na kasunod ng mga component na gawa sa lead bilang bahagi ng pagsisikap.



NAKAKATUGON ANG INYONG INUMING TUBIG SA MGA PAMANTAYAN SA KALIDAD NG TUBIG

Oo, palaging nakakatugon ang inuming tubig ng SFPUC sa lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan sa inuming tubig. Kasama rito ang pagsusuri sa lead kada 3 taon sa ilalim ng Lead and Copper Rule (LCR). Sa ilalim ng LCR, dapat wala pang 15 µg/L (parts per billion, ppb) ang antas ng lead sa 90% ng mga sample na nakolekta. Ang lahat ng resulta ng LCR mula 2009 hanggang 2018 ay nakapaskil sa sfpuc.org/lead.

Sa kabila ng palagiang pagsunod ng SFPUC sa mga kinakailangan ng LCR, ang pangkalahatang layuning pangkalusugan ay ang hindi pagkakaroon ng natutukoy na antas ng lead sa inuming tubig. Samakatuwid, sinusuportahan ng kahingian ng Estado na alisin ang mga component na ito ang pangkalahatang layunin na hindi magkaroon ng anumang lead sa inuming tubig.

NAGSIMULA ANG MGA UPGRADE NOONG 2020

May 173,374 linya ng serbisyo ng utility ang San Francisco. Wala pang 3 porsyento ng mga linya ng serbisyo na ito ang may hindi matukoy na materyal ng tubo. Sa panahon ng paglalathala ng fact sheet na ito, tinatantya namin na sa pagsapit ng dulo ng 2022, masusuri na ang lahat ng hindi matukoy at galvanized na linya ng serbisyo para sa mga component na gawa sa lead. Batay sa mga field study at pagsusuri sa istatistika, maliit na bahagi lang ang malamang na may mga component na gawa sa lead (mga pigtail) na nakakonekta sa mga ito. Sa kasalukuyan, tinatantya naging kakailanganing palitan ang 1,600 linya ng serbisyo ng utility. Kasama rito ang mga flexible na component na gawa sa lead at mga galvanized na linya ng serbisyo na nakakonekta sa mga ito. Humigit-kumulang 160 upgrade ang isasagawa kada taon sa loob ng 10 taon mula 2020-2030. Kung apektado kayo ng programang ito, makikipag-ugnayan sa inyo ang SFPUC sa loob ng humigit-kumulang 2 buwan bago ang upgrade para sa inyong property para makapagbigay ng partikular na iskedyul para sa inyong property at mga tagubilin na dapat sundin habang isinasagawa ang at pagkatapos ng upgrade.

IPINAPAKITA ANG MGA APEKTADONG LUGAR SA AMING MAPA

Batay sa mga kasalukuyang record ng SFPUC, ang mga residenteng maaaring maapektuhan ng programang ito ay tutukuyin sa isang GIS map na matatagpuan sa sfpuc.org/lead. Tutukuyin ng mapang ito ang lahat ng lokasyon ng serbisyo na nakalista bilang hindi matukoy o galvanized na materyal, gayunpaman, magsasagawa ang SFPUC ng mga site inspection sa mga lokasyong ito para ma-verify ang materyal ng linya ng serbisyo. Kung hindi galvanized ang linya ng serbisyo ng utility (hal. copper, plastic, atbp.) hindi kakailanganing palitan ang linya ng serbisyo. Pana-panahong ia-update ang GIS map batay sa mga matutuklasang ito. Batay sa mga field study, maliit na bahagi lang ng mga address na ito ang malamang na may mga component na gawa sa lead, na tinatawag ding mga pigtail.

MGA PAGKILOS NA DAPAT GAWIN NG MGA RESIDENTE HABANG ISINASAGAWA ANG MGA UPGRADE NA ITO

Puwedeng pansamantalang mag-iba ang kalidad ng tubig sa inyong property dahil sa upgrade. Magiging panandalian ang lahat ng epekto sa kalidad ng tubig. Babalik sa normal ang kalidad ng tubig sa loob ng isang buwan pagkatapos ng konstruksyon. Gayunpaman, para mapigilan ang anumang pagbabago sa kalidad ng tubig dahil sa mga interupsyon ng konstruksyon, magbibigay ng mga tagubilin ang SFPUC para i-flush ang mga gripo sa inyong property pagkatapos mismo ng konstruksyon, at magbibigay ito ng pitsel para sa inuming tubig na may pang-6 na buwang supply ng mga pamalit na filter nang libre.

Pinaplano rin ng SFPUC na alisin ang lahat ng galvanized na linya ng serbisyo ng utility na kasunod ng mga component na gawa sa lead o mga pigtail (sa pagitan ng metro at ng pangunahing linya ng tubig) bilang bahagi ng pagsisikap. Dapat palitan ng mga residente ang anumang galvanized na linya ng serbisyo ng tubig na nakakonekta sa property (ang bahagi ng linya ng serbisyo ng tubig sa pagitan ng metro at ng gusali).

MAY MGA TANONG?

Ang mga programa ng SFPUC sa lead, kasama ang LUSL Replacement Program, ay nakabuod sa sfpuc.org/lead. Puwedeng makipag-ugnayan sa Water Quality Division ng SFPUC sa **(650) 652-3100** o sfpuc.org.

Nagkakaloob din ang SFPUC ng mga serbisyo sa may diskwentong bayarin na \$25 kada sample. Hindi sisingilin ang bayarin sa mga kalahok sa programang Women Infant Children (WIC). Makikita ang impormasyon sa pagsusuri sa lead sa sfpuc.org/lead.

MGA SANGGUNIAN

- Senate Bill 1398:
[leginfo.legislature.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=201520160SB1398](https://leginfo.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=201520160SB1398)
- Senate Bill 427:
[leginfo.legislature.ca.gov/faces/billTextClient.xhtml?bill_id=201720180SB427](https://leginfo.ca.gov/faces/billTextClient.xhtml?bill_id=201720180SB427)
- Status Map ng Service Line Inventory (SLI) ng SWRCB:
waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/lead_service_line_inventory_pws.html
- SWRCB - FAQ para sa Customer- LUSL
waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/documents/leadservicelineinvpws/lead_service_line_faq_cust.pdf

Nakatuon Kami sa Kalidad: Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng aming mga ekspertong chemist, technician, at inspektor ang tubig na inihahatid namin—sa kabuuan ng aming sistema, araw-araw sa buong taon. Para sa karagdagang impormasyon at mga materyal, pakibisita ang sfpuc.org/waterquality. Para sa mga tanong tungkol sa INYONG tubig, mangyaring tumawag sa 311. Puwede rin kayong bumisita sa sf311.org.